



Tetanus Immune Globulin

Ano ang tetanus immune globulin?

Ang Tetanus immune globulin (TIG) ay nagbibigay ng agarang, panandaliang proteksyon laban sa bakteryang nagdudulot ng tetano (paninigas ng panga o lockjaw). Ang TIG ay naglalaman ng malaking halaga ng mga antibody na kinuha mula sa naibigay na dugo ng tao. Ang mga antibody ay mga protina na ginagawa ng sistemang panlaban sa sakit ng isang tao upang labanan ang mga mikrobyo, tulad ng bakteryang at mga virus.

Ang TIG ay inaprubahan ng Health Canada.

Ligtas ba ang tetanus immune globulin?

Oo. Ang TIG ay inihanda mula sa naibigay na dugo ng tao na sinuri para sa kaligtasan. Ang lahat ng mga donor ng dugo ay sinuri para sa pagkakaroon ng mga virus tulad ng HIV at hepatitis. Ang bawat donasyon ng dugo ay sinuri din para sa pagkakaroon ng mga virus na dala ng dugo bago gamitin upang gumawa ng TIG. Maraming mga kemikal at pisikal na hakbang ang kasama kapag naghahanda ng TIG. Kasama sa mga hakbang na ito ang hindi pag-aaktiba at pag-aalis ng mga virus at bakteryang maaaring maging sanhi ng sakit. Ang pangwakas na paghahanda ng TIG ay sumasailalim sa mas maraming pagsusuri upang matiyak na walang kilalang mga nakakahawang virus na naroroon. Gayunpaman, mayroong isang napakaliit na panganib ng pagpapasa ng ilang mga impeksyon na dala ng dugo sa pamamagitan ng paggamit ng TIG. Mula nang nagsimula ang pagsusuri at pagsusubok ng dugo, walang mga ulat ng mga impeksyon na dala ng dugo tulad ng HIV, hepatitis B o hepatitis C sa mga taong tumanggap ng TIG.

Sino ang dapat makakuha ng tetanus immune globulin?

Ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ay maaaring magbigay sa iyo ng TIG kung mayroon kang isang sugat at nagkaroon ng mas mababa sa 3 dosis ng isang bakuna sa tetanus o ang iyong kasaysayan ng pagbabakuna ay hindi alam. Inirerekomenda ang TIG para sa mga taong may mga sumusunod na uri ng mga sugat:

- Isang maruming sugat (hal. nahawahan ng dumi, mga dumi ng tao, lupa o laway)
- Isang sugat sa pagbutas
- Isang sugat sa trauma (paso, frostbite o pagkadurog)

Kung mayroon kang isang huminang sistema ng panlaban sa sakit maaari kang bigyan ng TIG kahit na nakatanggap ka ng 3 o higit pang mga dosis ng isang bakuna sa tetano.

Maaari ka ring mabigyan ng bakuna sa tetano kapag nakakuha ka ng TIG upang magbigay ng pangmatagalang proteksyon laban sa tetano. Para sa karagdagang impormasyon tingnan ang [HealthLinkBc file #18a Tetano at Diphtheria \(Td\) na Bakuna](#).

Ano ang mga benepisyong tetanus immune globulin?

Ang TIG ay nagbibigay ng agarang, panandaliang proteksyon laban sa impeksyon. Maaari nitong pigilan ang sakit o gawing mas hindi malubha ang sakit.

Ano ang mga posibleng reaksyong pagkatapos ng tetanus immune globulin?

Maaaring kasama sa mga karaniwang reaksyon sa TIG ang lagnat at pagsakit kung saan ibinigay ang pagbabakuna.

Ang ilang mga immune globulin ay maaaring maging kaugnay sa isang panganib ng trombosis (mga pamumuo ng dugo) sa loob ng 24 na oras mula sa pagtanggap sa kanila, lalo na kung ibinigay ang mga malalaking halaga. Ang panganib ng trombosis ay tumataas sa mga:

- 45 taong gulang at mas matanda
- May isang kasaysayan ng trombosis

- May mga kadahilanan ng panganib para sa trombosis

Ang Acetaminophen (hal. Tylenol®) o ibuprofen (hal. Advil®) ay maaaring ibigay para sa lagnat o sakit. Ang ASA (hal. Aspirin®) ay hindi dapat ibigay sa sinumang wala pang 18 taong gulang dahil sa panganib ng Reye Sindrom.

*Ang ibuprofen ay hindi dapat ibigay sa mga batang wala pang 6 na buwang gulang nang hindi muna nakikipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Reye Sindrom, tingnan ang [HealthLinkBC File #84 Reye Syndrome](#).

Mahalagang manatili sa klinika sa loob ng 15 minuto pagkatapos makakuha ng anumang pagbabakuna dahil may isang bihirang posibilidad, mas mababa sa 1 sa isang milyong, ng isang nagbabanta-sa-buhay na reaksiyong alerhiya na tinatawag na anaphylaxis. Maaaring kasama dito ang mga pantal, kahirapan sa paghinga, o pamamaga ng lalamunan, dila o mga labi. Kung mangyari ang reaksiyong ito, nakahanda ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na gamutin ito. Kasama sa paggamot sa emerhensiya ang pangangasiwa ng epinephrine (adrenaline) at paglipat sa pinakamalapit na departamento ng emerhensiya sa pamamagitan ng ambulansya. Kung magkaroon ng mga sintomas pagkatapos mong umalis sa klinika, tumawag sa **9-1-1** o sa numero ng iyong lokal na emerhensiya.

Palaging iulat ang seryoso o hindi inaasahang mga reaksiyon sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Sino ang hindi dapat makakuha ng tetanus immune globulin?

Makipag -usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung ikaw ay:

- Nagkaroon ng reaksiyon na nagbabanta-sa-buhay sa isang nakaraang dosis ng anumang immune globulin o anumang bahagi ng tetanus immune globulin
- May isang kondisyon na tinatawag na nakahiwalay na isang kakulangan sa immunoglobulin A

- May isang kasaysayan ng trombosis o mga kadahilanan ng panganib para sa trombosis
- Ay nabakunahan laban sa mga Tigdas, beke, rubella o bulutong-tubig sa loob ng nakaraang 14 na araw

Hindi na kailangang ipagpaliban ang pagpapabakuna dahil sa sipon o iba pang banayad na sakit. Gayunpaman, kung mayroon kang mga alalahanin, makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Ano ang tetano?

Ang tetano, na kilala rin bilang paninigas ng panga o lockjaw, ay sanhi ng isang bakterya na kadalasang natatagpuan sa lupa. Kapag ang bakterya ay pumasok sa balat sa pamamagitan ng isang hiwa, galos o sugat, gumagawa sila ng isang lason na maaaring maging sanhi ng masakit na paghigpit ng mga kalamnan sa buong katawan. Ito ay napakaseryoso kung maapektuhan ang mga kalamnan sa paghinga. Ang iba pang mga sintomas ng tetano ay maaaring magsama ng pagsakit ng ulo, problema sa paglunok, pagkokombulsyon, lagnat at pagpapawis, mataas na presyon ng dugo at mabilis na pagtibok ng puso. Hanggang 1 sa 5 tao na nagkakaroon ng tetano ay maaaring mamatay.

Pahintulot ng Gumugulang na Menor de Edad

Inirerekomenda na pag-usapan ng mga magulang o mga tagapag-alaga at kanilang mga anak ang pahintulot para sa pagbabakuna. Ang mga batang wala pang 19 na taong gulang, na nakakaunawa ng mga benepisyo at mga posibleng reaksiyon para sa bawat bakuna at panganib sa hindi pagkuha ng bakuna, ay maaaring legal na pumayag o tumanggi sa mga pagbabakuna. Para sa higit pang impormasyon sa pahintulot ng gumugulang na menor de edad tingnan ang [HealthLinkBC File #119 Ang Batas sa mga Sanggol, Pahintulot ng Gumugulang na Menor de Edad at Pagbabakuna](#).

Para sa Karagdagang Impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon sa mga pagbabakuna, bisitahin ang ImmunizeBC sa <https://immunizebc.ca/>.



ImmunizeBC



BC Centre for Disease Control
Provincial Health Services Authority

Para sa karagdagang HealthLinkBC File na mga paksa, bisitahin ang www.HealthLinkBC.ca/more/resources/healthlink-bc-files o ang iyong lokal na yunit ng pampublikong kalusugan. Para sa hindi pang-emerhensiyang impormasyon sa kalusugan at payo sa B.C. bisitahin ang www.HealthLinkBC.ca o tawagan ang **8-1-1** (libreng-tawag). Para sa bingi at nahihirapang makarinig, tumawag sa **7-1-1**. Ang mga serbisyo ng pagsasalina ay makukuha sa mahigit sa 130 mga wika kapag hiniling.